(タガログ語)

Abril 吉日, 2022

Sa mga magulang ng ISOBE Elementary School

Toyohashi Board of Education
Kazushi Ishikawa,
Head of Lifelong Learning Division

## Tungkol sa「Nobirun de School」para sa taong 2022

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa inyong lahat.

Simula sa ikalawang semestre ng taong 2022 ang「Nobirun de School」sa distrito ng inyong paaralan ay magbubukas muli.

Ipapatupad namin ang mga sumusunod kaya' t mangyaring pag-isipan na gamitin ito.

**○Layunin** Ang「Nobirun de School」ay isang bagong lugar para sa pag-aaral pagkatapos pumasok sa paaralan, ito ay lugar kung saan maaari kang makipag-ugnayan sa mga tao at makisali sa iba' t ibang mga aktibidad. Sa pamamagitan ng after-school learning na ito, nilalayon naming pagyamanin ang pisikal at mental na kalusugan ng mga bata at mapabuti ang kanilang kakayahan na makisalamuha sa kapwa tao at pahintulutan ang mga bata na magsaya sa iba' t ibang karanasan at magkaroon ng malawak na pagpipilian sa hinaharap.

**○Target** Mga bata mula grade 1 hanggang grade 6 na nauna nang nagpasa ng aplikasyon

**○Araw ng aktibidad** Mula sa ikalawang semester, 2 o 3 araw sa isang linggo

※ Para sa distrito ng ISOBE elementarya tuwing Martes, Biyernes at Martes, Huwebes, Biyernes

**○Mga magtuturo**: Mga kawani at mga club instructors na may iba' t ibang karanasan sa mga aktibidad sa club.

**Nilalaman ng aktibidad**: ※ cultural, art, sports, educational class, atbp.
Ipapaalam namin sa inyo ang iskedyul ng programa bawat buwan.

**○Rehistrasyon**: Magparehistro hanggang ika-15 ng nakaraang buwan, gamit ang QR code na nasa kanan.

※ **Ang pagpaparehistro para sa paggamit sa buwan ng Setyembre ay mula Hulyo 16 (Sabado) hanggang Agosto 1 (Lunes) lamang.**

※ Sa sandaling mairehistro, ito ay may bisa sa buong taon.

※ **Pagkatapos magparehistro** ay ipapadala namin ang buwanang iskedyul sa pamamagitan ng email, kaya mangyaring pumili at mag-apply para sa petsa ng paggamit sa pagitan ng Agosto 16(Martes)～23(Martes).

**○Iba pa** ○ Mangyaring i-access ang QR code para sa mga detalye tungkol sa「Mga gastos」,「Oras ng aktibidad sa club」,「Patnubay sa paggamit」at iba pa. Bilang karagdagan, panoorin din ang explanation video ng Nobirun de School para sa mga magulang.

○ Maaari mong i-check ang (planong) **iskedyul ng mga aktibidad ng club para sa taon** sa bulletin board ng bawat paaralan mula sa QR code. (Ang taunang plano ay ilalabas sa Mayo 9 (Lunes))

**【Para sa iba pang mga detlaye, makipag-ugnayan sa 】**
Toyohashi City Board of Education Lifelong Learning Division
After-school Education Promotion Group ☎0532-51-3141